



Settlement Engagement and Transition Support* (SETS)

MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang suporta sa ilalim ng programang Settlement Engagement and Transition Support* ay patuloy na makukuha ng mga kliyente sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19. Gayunman, ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo ay maaaring magbago alinsunod sa opisyal na payo sa kalusugan.

Sa kasalukuyan, maraming mga provider ang tumutulong sa mga kliyente gamit ang telepono o online. Sa ilang mga kaso, ang mga service provider ay maaaring makipagkita sa mga kliyente nang harap-harapan para sa mga agarang isyu o kung hindi posible ang online na mga serbisyo.

Ang mga service provider ay may access sa mga serbisyo ng interpreter sa telepono para sa mga kliyente na hindi gaanong magaling sa Ingles.

Alamin ang tungkol sa [COVID-19 at mga sintomas nito](#).

Ano ang Programang SETS*?

Ang Settlement Engagement Transition Support (SETS) (*) ay isang pambansang programa na naglalayong tugunan ang mga pangangailangan ng mga karapat-dapat na migrante. Ang programa ay naglalayong pagbutihin ang partisipasyon sa lipunan at ekonomiya at tumulong sa pagbuo ng mga ugnayan sa komunidad.

May dalawang bahagi ang programa:

- Ang *SETS* – Client Services* ay nagbibigay sa mga kliyente ng impormasyon na kaugnay ng paninirahan, payo, pagtatanggol, at tulong upang ma-access ang kaugnay na mga serbisyo.
- Ang *SETS* – Community Capacity Building* ay tumutulong sa mga bago at umuusbong na grupo at organisasyon na suportahan ang kanilang komunidad upang matiyak na ang mga positibong resulta ng paninirahan ay magpapatuloy nang matagalan.

Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng SETS*?

Ang mga provider ng SETS* ay makatutulong sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga hanay ng mga isyu na kabilang ang edukasyon at pagsasanay, pagpapadali ng pagkatuto ng Ingles at pag-access ng mga serbisyo sa wika, trabaho, pabahay, kalusugan at maayos na pamumuhay, suporta ng pamilya at lipunan, transportasyon, partisipasyong sibiko at mga legal na isyu.

Ang mga uri ng aktibidad ay maaaring kabilangan, halimbawa, ng mga club sa takdang-aralin, mga programa sa pagsasanay sa pagmamaneho, mga grupo para sa kalusugan ng kababaihan at mga kamalayan, pagkakataong magsanay sa pakikipag-usap sa Ingles, mga kurso para sa kahandaan sa pagtatrabaho kasama ang paraan sa paghahanap ng trabaho sa Australya, mga kasanayan para sa panayam at pagsulat ng resume.

Maaari din magbigay ng tulong sa mga grupo ng komunidad at mga lider ng komunidad upang tulungan kayong alalayan ang mga miyembro ng inyong komunidad.

Maaari ka ring isangguni ng mga service provider sa iba pang mga serbisyo upang makatulong sa anumang mga isyu na iyong nararanasan.

Karapat-dapat ba akong tumanggap ng mga serbisyo?

Ang mga aktibidad ng SETS* - Client Services ay inihahatid sa mga migrante sa kanilang unang limang taon ng pamumuhay sa Australya sa sumusunod na mga kategorya:

- mga humanitarian entrant (*mga tao na muling tumira sa Australya sa ilalim ng Humanitarian Program*)
- mga pamilyang stream na migrante na may mababang kakayahan sa wikang Ingles
- mga dependant ng mga skilled na migrante sa mga lugar na rural at rehiyonal na may mababang kakayahan sa wikang Ingles
- mga piling pansamantalang residente (mga may hawak na Prospective Marriage at Provisional Partner na visa at kanilang mga dependant) sa mga lugar na rural at rehiyonal na may mababang kakayahan sa Ingles.

Ang SETS* – Community Capacity Building ay tumututok sa mga bago at umuusbong na partikular na etniko:

- mga komunidad, lider ng komunidad at umuusbong na mga kinatawan ng komunidad, at
- mga organisasyon na may limitadong kapasidad ng korporasyon.

Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman tungkol sa mga serbisyo ng SETS*?

Upang makahanap ang isang provider ng SETS* sa inyong lugar, mangyaring pumunta [dito](#) at buksan ang link sa listahan ng mga Service Provider. Kapag nahanap mo na ang provider sa inyong lugar, mangyaring hanapin sa internet ang website ng provider. Ang mga provider ng SETS* ay may impormasyon sa kanilang website kung paano ang pinakamahasag na pakikipag-ugnay sa kanila.